



Patuloy na matuto at tuloy-tuloy lang sa pagsulong!

Sa isyung ito ng Mimitaro, binisita at nakapanayam natin ang mga mag aaral ng pang-gabing JHS ng Kosei sa Konan-shi

G. Honjo Rolando Fernandez



Dumating ako sa Japan mula sa Pilipinas sa edad na 18 taon gulang, upang makasama ang aking ina na nakapag asawa ng isang Hapones at kalaunan inampon niya ako bilang kanyang anak na lalaki. At sa loob ng isang taon, pagkatapos kong mag aral sa paaralan ng para sa wikang hapon, pansamanta muna akong tumulong sa

trabaho ng aking amain na may tindahan ng mga pang-elektrikang kagamitan, at pagkatapos nun nagsimula na rin akong magtrabaho sa isang kumpanya. Natutunan ko ang wikang hapon sa pamamagitan ng pagtatala/pagsusulat at saka nakakuha din ako ng katibayan sa mga kakayahan (lisensiya/ sertipiko) para magpatakbo sa mga trabahong may kaugnayan sa lifts, crane at sling. Gusto ko talagang matutong mabuti sa wikang hapon sa pamamagitan ng sistematikong paraan at nung may nakita akong isang polyeto/flyer ng pang-gabing junyor hayskul na iniwi ng anak ko mula sa kanyang paaralan sa elementarya. Nasabi ko “Ito na to” at nagdesisyon na akong magpatala/enroll.

Hindi ko inaasahan na makakapag-aral ako hindi lamang ang wikang hapon kundi lahat ng mga asignatura ng pang-gabing junyor hayskul. Gayunpaman, sa ngayon marami na akong natutunan na mga kaalaman tungkol sa malawakang hanay ng wikang hapon at sa kultura nito, na talagang makabuluhan at mahalagang karanasan. Masaya ang bawat klase at kay bilis lumipas ng oras, kaya lagi akong napapaisip, “Eh tapos na ang klase?!” lalong-lalo na at gustong-gusto ko pa naman ang klase sa matematika. Nagpapasalamat ako sa aking guro dahil sa mahusay at maliwanag niyang pagtuturo, kaya ang mga bagay na nangangapa ako noon, ngayon naiintindihan ko na. Dati-rati iniwasan ko ang mga numero, pero ngayon gusto ko na itong pag aralang mabuti at gamitin ang mga natutunan ko dito para sa aking trabaho sa hinaharap.

Bawat araw, pagkatapos ng trabaho, sumusubo lang ako ng kaunti at kaagad pumapasok na sa paaralan. At sa mga oras na tapos na ang klase nakakauwi na ako ng bahay na lagpas na ng 9:30, na isa rin sa ikinababahalala ko sa kasalukuyan, dahil sa kawalan ko ng oras na makasama ang mga anak ko. Ngunit dahil gusto kong matugunan ang mga itinatanong nila sa akin pagdating sa kanilang mga aralin kaya sa ngayon sa tingin ko kailangan ko munang maging matiyaga.

Habang nagkakaedad ako, napagtanto ko kung gaano kaikli ang buhay at kung gaano kahalaga ang oras. Para sa ating mga dayuhan, malaking hadlang man sa atin ang wika, ngunit kung wala tayong gagawin, walang mangyayari sa atin. Sa pamamagitan ng patuloy na pag aaral at positibong pananaw uunlad ang ating buhay. Walang kinalaman ang edad diyan!

Bb. Luciene Barbosa Muto

Nabighani ako sa mga gawa sa kahoy na mga arkitektura na nakita ko sa mga larawan nung bata pa ako. At ang Japan ay isa sa mga bansang matagal ko nang nais bisitahin. Pagkatapos kong mapangasawa ang aking asawang may dugong hapon at brazilian, tumigil siya sa kanyang trinatrabauhang kumpanya at ako rin bilang isang guro ng Kimika, at nagdesisyong pumunta ng Japan mula Brazil. Na siyang naging daan sa pagbabago ng buhay ko.



Pagkarating ko ng Japan, nahirapan akong maghanap ng trabahong gusto ko, tulad ng pagtuturo ng Inglis (English) o Kimika (Chemistry), kaya nagsimula akong magtrabaho sa isang pabrika. Ang naging motibasyon ko sa pag aaral sa wikang hapon ay nagmula sa pakikipag usap ko sa Inglis sa aking superbisor/tagapamahala, na isang Pilipino-Hapones. Ang sabi niya sa akin, “Kung maninirahan ka sa Japan, kailangan mong matutunan ang wikang hapon.” At sa loob ng isang taon, 15 minuto araw-araw, sa oras ng pahinga ko sa trabaho matiyagang tinuruan ako ng kanyang asawa. At pagkatapos nun nagpasya akong pag igitan ko pang mabuti ang pag aaral sa wikang hapon, kaya kumuha ako ng mga kursong gaya ng “Pagsasanay sa Wikang Hapon para sa Trabaho (*Shigoto no tame no Nihongo*)” at Bokasyunal na Pagsasanay sa trabaho para sa mga Dayuhan (*Gaikokujin muke shokugyo kunren*), at nakakuha din ako ng sertipiko para sa pangangalaga (*Nursing care*). Ipinagmamalaki ko rin na nakakuha ako ng perpektong marka pagkatapos ng kurso na ikinagulat ng titser ko na kahit na wala akong gaanong alam sa wikang hapon nung nagsisimula palang ako. At nung malaman kong may nagbukas na pang gabing junyor hayskul, walang pag aalinlangan kaagad nagpatala/enroll ako. Pumapasok ako sa paaralan habang nagtrabaho bilang isang caregiver/tagapangalaga at nagtuturo din ng wikang portuges sa mga batang maliliit sa araw.

Alam kong isa itong paaralan, pero hindi ko lubos maisip na magiging estudyante ako dito. Magagaling ang mga guro at ngayon nauunawaan ko na ang mga aralin na minsan napakahirap nung una. Ang pangunahin kong layunin ay ang makapagtapos at maging mahusay sa pananalita at sa pagbasa ng wikang hapon. Umaasa akong magiging maunlad sa pamamagitan ng pagtuon sa mga bagay na magagawa at mga gusto ko ngayon at magiging masaya din ako na habang ginagawa ko ang mga ito makakatulong din ako sa iba.

☆☆☆

☆☆☆

☆☆☆

Ang klase sa ika-2 baitang ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa Pilipinas, Brazil, China at Nepal. Sa araw na ito sa klase sa wikang hapon, pinag aaralan ng mga mag aaral ang tungkol sa mga ekspresyon at kultura ng mga hapones sa pamamagitan ng paglalaro ng karuta (Kard na laro).



Paano Mapropektahan ang Buhay mula sa mga Sakuna/Kalamidad!

Ang Japan ay isang bansang madaling tamaan ng mga likas na sakuna/kalamidad gaya ng mga lindol, tsunami, bagyo, malakas na ulan, malakas na snow (*niyebe, atbp.*). Mahalagang matutunan ang tungkol sa mga tulad nitong mga sakuna/kalamidad upang makapaghandang nang maaga para mabawasan ang pinsala kapag mangyari ang mga ito. Ang mga impormasyong kapaki-pakinabang sa panahon ng sakuna ay pinagsama-sama at naitala (*posted*) sa websayt ng Ahensya ng mga Serbisyong Pang-Imigrasyon (*Immigration Services Agency*). Mangyaring e-download ang apps at palagiang gamitin ito, magiging kapaki-pakinabang ang mga ito sa mga panahon ng kagipitan/emerhensiya. Mangyaring panoorin din ang bedyo tungkol sa oryentasyon sa pamumuhay at sa (*mga emerhensiya at sakuna*) din.

「Kapaki-pakinabang na mga impormasyon sa panahon ng sakuna」

https://www.moj.go.jp/isa/01_00469.html



Mga apps na maaaring e-download mula dito

- **Safety tips** Ang app na ito ay kapaki-pakinabang para malaman ang tungkol sa mga impormasyon ng sakuna sa Japan, tulad ng mga babalang pang-emerhensiya at impormasyon sa mga panahon.
- **Voice Tra** Isang multilinguwal na voice app na nagsasalin ng mga banyagang wika kapag kinakausap mo ito.
- **NHK WORLD-JAPAN** Pagbabahagi ng mga balita mula sa NHK.
Nagpapahayag din ng mga impormasyong-pang-emerhensiya sa mga lindol at tsunami.

Ministry of Land, Infrastructure, Transport at Tourism Disaster Prevention Portal

(Portal sa Pag-iwas sa Sakuna ng Ministri ng Pang-lupa, Pang-Imprastruktura, Transportasyon at Turismo)

Ang portal na ito ay nagbibigay ng impormasyon na maari mong malaman araw-araw tungkol sa pag-iwas sa sakuna (*disaster prevention*), gayundin ang impormasyon na maari mong alamin kung sakaling magkaroon ng sakuna.

<https://www.mlit.go.jp/river/bousai/bousai-portal/en/index.html>



☆ Mga Dapat Malaman Tungkol sa Likas na Sakuna/Kalamidad ☆

Lindol/Jishin Kapag nagkaroon ng malakas na lindol, maaaring bumagsak ang mga gusali, sumiklab ang apoy, at magkaroon ng pagguho ng lupa. Maaaring maputol ang mga pinagmumulan ng ikinabubuhay (*lifeline*) gaya ng kuryente, tubig, at gas, at huminto ang pampublikong transportasyon tulad ng mga tren at bus. Kapag lumilindol, ang pagtiyak sa kaligtasan ang pangunahing priyoridad. Mahalagang ibaba ang iyong postura, sumilong sa ilalim ng mesa o sa katulad na istraktura upang protektahan ang iyong ulo, at huwag gagalaw hanggang sa tumigil ang pagyanig. Para sa karagdagang impormasyon → “Paghandaan ang lindol sa paggawa ng mga bagay na kayang gawin”

https://www.s-i-a.or.jp/tl/bosai_info/earthquake-measures



Bagyo at Malakas na Pag-ulan/ Taifu, Ooame Mula tag-araw hanggang taglagas, palaging dinadaan ng bagyo ang Japan. Ang malakas na ulan at malakas na hangin ay maaaring maging sanhi ng pagkabuwal ng mga puno, pagkatumba ng mga poste ng kuryente, at pagkasira ng mga bubong. Mahalagang subaybayan ang mga pinakabagong impormasyon ng bagyo. At kung mayroong anumang bagay sa paligid ng inyong bahay o sa inyong balkonahe na maaaring tangayin ng hangin, ilipat ito sa loob ng bahay o sa ligtas na lugar. Kinakailangan din na maghanda para sa pagkawala ng kuryente sa pamamagitan ng pag-iimbak ng mga kandila, flashlight, baterya, at mga power banks. Bilang karagdagan ang malakas na pag-ulan ay humahantung din sa panganib ng pagbaha ng ilog at pagguho ng lupa, kaya mangyaring huwag lumapit sa mga mapanganib na lugar.



Malakas na Pag-ulan ng Niyebe /Ooyuki Sa may hilagang bahagi sa Prepektura ng Shiga ang pag-ulan ng malakas na niyebe ay nararanasan kada taon. Ang impormasyon sa lagay ng panahon na may kaugnayan sa malakas na pag-ulan ng niyebe ay inaanunsiyo ilang araw nang maaga, kaya siguraduhing alamin ang impormasyon ng paunang babala. At kung inaasahan ang pag-ulan ng niyebe, maghanda nang maaga ng mga kagamitan sa pag-alis ng niyebe (*tulad ng mga kagamitan sa pagpatunaw ng niyebe at mga pala*) at mga kagamitan proteksiyon sa malamig na panahon. Mahalaga rin na gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mga nakapirming (*Freezing*) tubo ng tubig, mag-iimbak ng tubig na maiinom, at sa bathtub para sa pang-araw-araw na paggamit. Sa mga nagmamaneho ng sasakyan siguraduhin palitan ng mga gulong pang-niyebe “Studless tires” ang mga sasakyan ng maaga.

☆ Mga Dapat Gawin Bago Dumating ang Sakuna ☆

Mga kaalaman sa ligtas na pagpupuwesto ng mga Kasangkapan/ Muwebles

- Ipuwestong mabuti ang mga kasangkapan sa dingding upang maiwasan bumagsak ang mga ito.
- Iwasan maglagay ng mga kasangkapan sa mga silid-tulugan at sa mga silid-pambata.
- Ipuwestong mabuti ang mga kasangkapan, seguraduhing hindi mahaharangan ang pasukan at labasan na mga pintuan kung sakaling bumagsak ang mga ito.

Mag imbak ng mga Pagkain, Inumin atbp.

Bilang paghahanda sa sitwasyon kung sakaling maputol ang mga pinagmumulan ng ikabubuhay (*lifeline*) gaya ng kuryente, gas at tubig, palaging mag imbak ng mga mainom na tubig at mga pangmatagalan na mga pagkain

Maghanda nang hindi bababa sa pang 3 araw

Tubig na Inumin: 3 litro/tao /kada araw pang-3 araw

Pagkain Pang-emerhensiya: Alpha rice (kaning-luto na pinatuyo), pasta, de latang pagkain, madali at nakahanda ng mga pagkain, galyetas/kuki, tsokolate atbp.

At iba pa: Toilet paper, portableng-palikuran, Pamunas (wet wipes), panindi (lighter), plaslayt, portableng-kalan, plastik na supot, pambalat na plastik, atbp.

Tubig para sa pang-araw-araw na paggamit: Maghanda ng mainom na tubig sa pang araw-araw na konsumo sa pamamagitan ng pag imbak nito sa mga plastik na tanke.

※Ang bawat isa ay may iba't ibang pangangailangan, kaya seguraduhing maghanda ng mga bagay na naayon sa inyong sitwasyon.

Maghanda ng isang Pang-emerhensiyang Bag

Ihanda nang maaga sa inyong bag ang mga bagay na kailangan mong dalhin sa panahon ng emerhensiya, tulad ng pasaporte, residence card, mga mahahalagang bagay, gamot, maskara, damit na panloob at pera, upang madali itong mabitbit anumang oras kung pupunta sa mga sentro ng likasan/evacuation center.

Paano Kumpirmahin ang Kaligtasan ng mga Miyembro ng Pamilya

- Magtalaga ng isang tagpuang-lugar at kung papaano makontak ang bawat isa sa pamilya ng maaga.
- Sa panahon ng sakuna, maaaring mahirap kumonekta sa mga telepono, kaya't ang “Saigai-yo Dengon Diyal 171” ay kapaki-pakinabang.

Paano gamitin ang “Saigai-yo Dengon Diyal 171”

(Diyal 171 Mensaheng Pang-emerhensiya sa Sakuna)

Para i-rekord: ①Diyal 171→1 ②Numero ng iyong telepono ③I-record ang inyong mensahe

Kapag gusto mong i-play muli: ①Diyal 171→2

②Numero ng taong gusto mong alamin/itse

③I-play muli ang mensahe

Kumpirmahin ang mga Kanlungan ng Likasan/ Evacuation Shelter at mga Ruta nito.

- Makilahok sa mga lokal na pagsasanay sa pag-iwas sa Sakuna at mga pagsasanay sa paglikas.
- Alamin sa lokal na mapa ang mga lugar na peligro sa panganib kung magkaroon ng sakuna at mga ligtas na ruta para sa paglikas.

Hazard Map Portal Site
<https://disaportal.gsi.go.jp/>



☆ Tandaan ang mga numerong pang-emerhensiya at kapaki-pakinabang na mga tuntunin ☆



避難場所 *Hinan-basho* / Lugar para sa paglikas: Pansamantalang lugar para sa emerhensiyang paglikas, pinakapangunahin ay sa mga parke at plaza.



避難所 *Hinan-jo* / Bahay-silungan ng mga lilikas: Pasilidad na maaaring manatili nang libre ang sinuman sa isang tiyak na tagal ng panahon sakaling magkaroon ng sakuna.

#110 Pulis:Pag-uulat /report ng mga insidente at aksidente

#119 Kagawaran ng bumbero, trak ng bumbero, ambulansya, pag-abiso sa emerhensiya kung kinakailangan

#7119 Pagkonsulta sa telepono sa oras ng emerhensiya: Kapag hindi ka sigurado kung pupunta ka sa ospital o tatawag ng ambulansya.

Kinkyu sokuho (Pang-emerhensiyang alerto): Mga mensaheng may kaugnayan sa buhay, tulad ng paglikas at mga babala.

Yoshin (Aftershock): Mga maliliit na lindol pagkatapos ng isang malaking lindol.

Hinan (Paglikas): Paglipat sa isang ligtas na lugar mula sa isang sakuna. **Tokai** (Pagkaguho): Pagkawasak ng mga gusali.

Dansui (Kawalan ng tubig): Walang tubig. **Kyusuijo** (Istasyon ng suplay/bigayan ng tubig): Isang lugar kung saan maaaring makakuha ng inuming tubig. **立入禁止 Tachiiri Kinshi** (Bawal pumasok): Mga lugar na mapanganib at hindi dapat pasukin. **Takidashi** (Pamamahagi ng pagkain pang-emerhensiya): Nakahanda ang mga pagkain sa mga bahay-kanlungan evacuation center, parke, at iba pang lokasyon.

Okyushochi (Pangunang lunas): Agaran gamutan at madaliang gamutan ng isang pinsala.

“Tasukete!” (“Tulong!”): Kung may problema/nababagabag, humingi ng tulong sa Wikang Hapon.

Impormasyon sa Mimitaro



◆ Mga dahon ng taglagas (Aki no Koyo)

Pinakamagandang tanawin, mula kalagitnaan ng Nobyembre ~ unang bahagi ng Disyembre

Hiyoshi Taisha 5 Chome 1-1 Sakamoto Otsu
Hachiman-bori Palibot ng Miyauchi-cho Omihachiman
Genkyu-Rakurakuen 3-40 Konki-cho Hikone
Kotosanzan Hyakusaiji 323 Hyakusaiji-cho Higashiomi
Keisoku-ji Furuhashi Kinomoto-cho Nagahama

◆ Piyesta ng Internasyunal na Sining (Kokusai Geijutsusai) BIWAKO BIENALLE 2025

Panahon ng eksibisyon: Sept 20 (Sab) ~ Nob 16 (Lin)
 Lugar: Omihachiman Old Town, Chomeiji, Okishima
 Saradong araw: Miyerkules (Inaasahang bukas sa Nob 12)
 Ito ay isang pagdiriwang ng sining (art) kung saan humigit-kumulang 70 na mga artist mula Japan at sa mga ibayong bansa ang magpapakita ng kanilang mga likha.

◆ Makino Pic-Land

Maaaring maranasang mamitas ng kastanyas at maghukay ng kamote. Ang mga hanay ng mga gintong metasequoia na puno ay isa ring kamangha-manghang tanawin.
 835-1 Terakubo Makino-cho Takashima

◆ Aguri Park Ryuo (Michi no eki)

Mula Oktubre ~ Disyembre maaring mag-eksperensiya sa paghuhukay ng kamote, gabi, labanos at pamimitas ng mga mani at persimon
 6526 Yamanoue, Ryuo-cho, Gamo

◆ HIKARIUM 2025 Pantasyang-hardin, maaaring maglakbay kasama ang mga paru-paro

Simula Oktubre 10 (Biy)
 English Garden Rosa & Berry Tawada
 605-10 Tawada, Maibara

◆ 2025 Piyesta ng mga Lobo sa Biwako Higashiomi

Kompetesyon sa pagpalipad, pag-eksperensiya sa pagsakay sa hot air balloon, pag ilusyon sa mga lobo na may pagpupugal sa gabi atbp.

Nobyembre 15 (Sab), 16 (Lin)
 Higashiomi City Athletic Park Multipurpose Ground
 (Higashiomi-shi sogo undo-koen tamokuteki guraundo)
 1503 Shibahara-cho Higashiomi



◆ Tarobogu no Ohitaki-taisai (Tarobogu Shrine Fire Festival)

Isang pagdiriwang sa apoy upang ipanalangin ang kaligtasan at kalusugan ng buong pamilya
 Disyembre 7 (Lin)
 Tarobogu (Aga Jinja/Shrine)
 2247 Owaki-cho Higashiomi

Ang susnod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Enero

◆ Joya no Kane (Tunog ng kampana sa bispiras ng bagong taon)


Sa gabi ng bisperas ng bagong taon (Disyembre 31), ang mga kampana ng mga (Jinja / templo) ay papatunugin nang 108 beses sa buong Japan

Ishiba-ji Pagpapatunog ng kampana at pagpakain ng Udon (pansit-hapon)
 823 Ishibaji-cho, Gokasho Higashiomi

Seigan-ji Pagpapatunog ng kampana at pag inom ng Amazake (matamis na alak ng hapon)
 669 Maibara, Maibara

Saikyo-ji 5-13-1 sakamoto, Otsu

Choko-ji 694 Chokoji-cho Omihachiman



Balita mula sa Mimitaro



◆ Gaganapin ang pagpupulong para sa pang ika-2026 na mga impormasyon ng pang-gabing klase sa Konan-shi Kosei Junyor Hayskul para sa mga papasok na mga mag aaral nito

Petsa at Oras ng Pagpupulong:

Una- Oktubre 24 (Biy)

Pangalawa- Disyembre 12 (Biy)

Magsisimula ng 6pm at (Magbubukas ang tanggapan ng 5:30pm)

Lugar: Konan-shi Kosei Junior High School
 284 Hari Konan

Sa pag aplay, mangyaring pakiscan dito→
 (Hangganan ng aplikasyon: isang linggo bago ang pagpupulong)

[Info] Lupon ng Edukasyon Siyudad ng Konan, Sangay ng Edukasyon
 Tel 0748-77-7011



Oktubre 24



Disyembre 12

◆ Araw para sa konsultasyong-administratibo

Maaring komunsulta sa mga espesyalista patungkol sa iba't ibang problemang kinakaharap (kailangan ng maagang reserbasyon)

• Takashima Oktubre 17 (Biy) 1:00pm-3:30pm

Imazu Higashi Community Center 3F, Large Hall

• Omihachiman Oktubre 22 (Miy) 1:00pm-4:00pm

Aeon Shopping Center 2 bangai 1F Central Court

• Nagahama, Maibara Oktubre 24 (Biy) 1:00pm-4:00pm

Nagahama City Hall 1F Multi-purpose room

• Hikone Oktubre 21 (Biy) 1:00pm-3:30pm

Viva City Hikone 2F Community Space

Mga kalahok na organisasyon: Legal Affairs Bureau, Labor Bureau, Pension Office, Judicial Scrivener, Administrative Scrivener, Tax Accountant, Administrative Consultant, atbp.

[Info] Sentro ng Konsultasyon-Administratibo

(Gyosei Sodan Center) Tel 077-523-1100

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang

Residente ng Shiga (Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601

Email : mimitaro@s-i-a.or.jp